

**Abiso ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon (NBTC)****Patungkol sa: Panuntunan sa Paglisensiya sa Paggamit ng Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na may Sistemang Radar na ginagamit sa Mga Behikulo**

Sapagka't ang promosyon at pansuportang patakaran ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon para sa pananaliksik at pagpapauland sa teknolohiyang telekomunikasyon, sa industriya ng telekomunikasyon, at sa pagpapatuloy sa industriya upang isakatuparan ang mga pangangailangan ng mamamayan sa pangaraw-araw na malawakang paggamit ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na may makabagong teknolohiya, para sa kapakanan at kaligtasan sa katawan, buhay, at ari-arian ng mamamayan; ay datapwa't naangkop na tiyakin ang pangpublikong paggamit ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit sa mga Behikulo para sa pagtuklas ng mga hadlang o ano mang mga bagay sa kalapit na lugar. Ito ay magiging kapaki-pakinabang para sa mga drayber ng mga Behikulo sa pagpapababa sa pagkawala ng buhay o ari-arian mula sa aksidente, pagsuporta sa pag-unlad, at promosyon sa kompetisyon sa sektor sa industriyang pangBehikulo sa bansa, at maging sa pagsuporta sa pagpapaunland ng mga automated na mga Behikulo para sa pag-alinsunod ng mga rekisito ng Thailand sa mga pandaigdigang rekisito.

Sa bisa ng mga probisyon sa ilalim ng Seksyon 27 (4) ng Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010, na sinusugan mula sa Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2017 (Bi. 2) at Seksyon 27 (24) at Bahagi 81, Talata 2 Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010 na kaugnay sa Bahagi 6 Talata 2, at Bahagi 11 Talata 4, at Bahagi 29 ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955, na sinusugan ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1992, ang Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ay samakatuwid ay itinatakda ang mga sumusunod na abiso:

Takda 1 Ang Abiso ay pagbibigyang bisa isang araw mula sa petsa ng pagkalathala nito sa Government Gazette

Takda 2 Ang Abiso ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Paglisensiya sa Paggamit ng Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na may Sistemang Radar na ginagamit sa Mga Behikulo na napetsahan noong ika-26 ng Oktubre, 2014 ay pinapawalang-bisa.

Takda 3 Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit sa mga Behikulo ay tutukuyin batay sa mga sumusunod:

- (1) 22.00 – 24.05 GHz
- (2) 24.05 – 24.25 GHz
- (3) 24-25 – 26.65 GHz

(4) 76 – 77 GHz

(5) 77 – 81 GHz

Takda 4 Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit sa mga Behikulo ay dapat mayroon transmitting power na hindi hihigit sa mga sumusunod na na bilang:

Radio frequency (GHz)	Transmitting power
22.00 – 24.05	Pinakamataas na radiated average power density : e.i.r.p. na hindi hihigit sa -41.3 dBm/MHz
24.05 – 24.25	Pinakamataas na radiated peak power : e.i.r.p. na hindi hihigit sa 100 mW or 20 dBm
24.25 – 26.65	Pinakamataas radiated average power density : e.i.r.p. na hindi hihigit sa -41.3 dBm/MHz
76 – 77	Peak power : e.i.r.p. na hindi hihigit sa 55 dBm
77 – 81	Peak power : e.i.r.p na hindi hihigit sa 55 dBm

(1) Takda 5 Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit sa mga Behikulo ay eksempted sa pagkalisensiya sa pagkakaroon, paggamit at pagluwas ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo at lisensiya sa pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo, subalit ay di dapat eksempted sa pagkalisensiya sa paggawa, at pag-angkat ng kagamitan sa komunikasyong panradyo.

Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit sa mga Behikulo ay eksempted sa pagkalisensiya sa pangangalakal ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo maliban sa kaso ng pangangalakal ng tagagawa o taga-angkat ng nasabing kagamitan, ang lisensiya para sa pangangalakal ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo ay dapat ipagkaloob.

Takda 6 Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit sa mga Behikulo ay dapat magtaglay ng mga pamantayang teknikal na tinukoy ng NBTC, at dapat nasiyasat at sertipikado sa mga pamantayan alinsunod sa Abiso ng NBTC sa Pamantayang Inspeksyon at Sertipikasyon ng mga Kagamitan at Aparatong Pantelekomunikasyon.

Takda 7 Karapatan sa Proteksyon sa Interperensiya ay tinutukoy ng mga sumusunod:

(1) Ang karapatan sa proteksyon sa interperensiya ay hindi ipinagkaloob sa paggamit sa mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit sa mga Behikulo na may radio frequency na nasa 22.00 – 24.05 GHz, 24.05 – 24.25 GHz, at 24.25 – 26.65 GHz band. Kung ito ay magdulot ng kalubhaan sa antas ng intensidad na labag sa paggamit ng radio frequency sa anumang lugar, dapat agad na suspindihin ng user ang paggamit ng naturang kagamitan sa komunikasyong panradyo na nagdudulot ng interperensiya a sa lugar na iyon. Subalit, ang suplayer na may pananagutan sa nasabing kagamitan sa komunikasyong panradyo ay dapat magsagawa ng karampatang pagwawasto sa interperensiya para sa gumagamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo na nagdudulot ng interperensiya.

(2) Ang paggamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit sa mga Behikulo na may radio frequency na nasa 6 – 77 GHz at 77 – 81 GHz na ginagamit para sa mga serbisyong radiolocation na pinagkaloob para sa karapatan sa proteksyon sa interperensiya bilang tinukot sa Talaan para sa Pagpapasiya ng Pambansang Radio Frequency.

(3) Ang NBTC ay maaaring ikonsidera ang mga kondisyon para sa paggamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit sa mga Behikulo para sa panghinaharap upang maiwasan ang interperensiya sa paggamit ng mga frequency sa ibang serbisyo.

Takda 8 Ang mga kompanya sa paggawa ng Behikulo na nag-iinstall ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar ay dapat maghanda ng mga babalang panuto sa mga dokumento tulad ng naangkop na distansiya na hindi magdudulot ng electromagnetic wave hazards bilang resulta sa paggamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar para sa kaghinaan ng tagagamit at ng publiko.

Takda 9 Ang aplikasyon para sa pagsusuri at sertipikasyon ng mga kagamitan at aparato sa telekomunikasyon at ang aplikasyon sa pagkalisensiya para sa paggawa or pag-angkat ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo para sa panlokal na paggamit. Sa kaso ng kagamitan sa komunikasyong panradyo na may sistemang radar na ginagamit para sa mga Behikulo na nasa radio frequency na 22.00 – 24.05 GHz at 24.25 – 26.65 GHz ay dapat maisakatuparan sa mga sumusunod:

(1) Ang kagamitan sa telekomunikasyon ay dapat i-aplay para sa pagkakasuri at sertipikasyon ng hindi lalagpas sa ika-31 ng Disyembre, 2019. Sa kaso ng mga nasa 22.00 – 24.05 GHz band, ang mga ulat ng pagsusuri o test report mula sa banyagang laboratoryo bago noong ika-1 ng Hulyo, 2013 ay ang dapat gamitin lamang.

(2) Ang aplikasyon para sa pagkalisensiya para sa paggawa o pag-angkat ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo para sa panlokal na paggamit ay hindi dapat lalagpas sa ika-31 ng Disyembre, 2023.

(3) Sa kaso na kung saan ang aplikante para sa lisensiya sa paggawa o pag-angkat sa ilalim ng Takda (2) ay nagnanais na magreserba ng kagamitan sa komunikasyong panradyo bilang kapalit na kasangkapang labi o replacement spare part, ang aplikasyon sa pagkalisensiya ay dapat isumite mula Enero 2024. Subalit, ang replacement spare part ay maaring ireserba ng hindi hihigit sa 10% ng bilang ng mga lisensiyadong kagamitan sa komunikasyong panradyo, kada desenyong o modelo. Ang tagagawa o taga-angkat ay ang may pananagutan na magbigay ulat tungkol sa impormasyon sa dami ng mga nasabing lisensiyadong kagamitan sa komunikasyon panradyo sa Tanggapan ng NBTC mula ika-31 ng Enero, 2024.

(4) Sa kaso na kung saan ang mga karagdagang kahilingan sa paglisensiya sa paggawa o pag-angkat ng mga kagamit sa komunikasyong pan radyo para sa panlokal na paggamit ay kinakailangan para sa mga disenyo o modelo ng nasabing kagamitan ay nagawa o na-angkat na para sa panlokal na pagkakagamit ng kumpletong bilang sa ilalim ng (3), ang NBTC ay maaring magkonsidera sa paglisensiya sa paggawa o pag-angkat ng kagamitan sa komunikasyon pan radyo sa ganoong disenyo o modelo para sa panglokal na paggamit sa mga ispesipikong kaso ng mga karagdagang reserbasyong sa mga replacement spare part hangga't kinakailangan o naangkop lamang.

Ipinahayag noong ika-28 ng Disyembre 2017.

Heneral Sukit Khamasunthorn

Komisyoner ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

Gumaganap bilang Komisyoner ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

-----

This translated version is prepared with the sole purpose of facilitating the comprehension of foreign participants in the telecommunication rules and regulations and shall not in any event or by any reason be construed or interpreted as having effect in substitution for supplementary to the Thai version thereof. If its translation to other languages is in contrary to Thai version, the latter shall prevail.

Please note that the translation has not been subjected to an official review by the Office of the National Broadcasting and Telecommunications Commission. The Office of NBTC, accordingly, shall not undertake any responsibility for its accuracy, nor be held liable for any loss or damages arising from or in connection with its use.

-----